Help on Tap – Programa ng Tulong sa Customer Aplikasyon para sa Residential Single-Family

MAGSIMULA DITO: Pakibasa nang mabuti ang dokumentong ito.
Salamat sa iyong interes sa programa ng tulong sa customer ng Help on Tap (HOT). Sa pag-apruba ng iyong aplikasyon, ang mga kwalipikadong single-family residential account ay kwalipikadong makatanggap ng kreditong katumbas ng 100% ng karaniwang credit sa bi-monthly na bayad sa serbisyo ng tubig ng tirahan.

Mga Panuntunan ng Programa

- Ang singil sa tubig ay dapat nasa pangalan mo.
- Dapat ay isa kang full-time na residente sa address na lalapatan ng credit.
- Dapat ay mayroon ka lamang isang account sa serbisyo ng tubig sa ACWD.
- Hindi ka dapat ma-claim bilang dependent sa tax return ng ibang tao.
- Dapat mong bayaran ang mga bayarin mo sa takdang petsa.
- Ang kabuuan mong pinagsamang kabuuang kita ng sambahayan ay hindi dapat lumampas sa mga alituntunin sa kita ng ACWD.
- Sumasang-ayon ka na kung may tagas ng tubig sa tirahan mo, aayusin mo kaagad ito.
- Dapat mong ipaalam kaagad sa ACWD kung ang sambahayan mo ay hindi na nakakatugon sa mga alituntunin sa kita ng ACWD.
- Dapat mong i-renew ang kumpletong aplikasyon mo sa pagiging kwalipikado tuwing tatlong taon.

Mga Alituntunin sa Kita ng ACWD

Ang kita ng sambahayan ay hindi dapat lumampas sa mga alituntunin sa kita upang maging kwalipikado

Bilang ng mga tao sa sambahayan	Kabuuang pinagsamang kabuuang taunang kita
1 o 2	$59,200 o mas mababa
3	$66,600 o mas mababa
4	$75,000 o mas mababa
5	$87,850 o mas mababa
Ang bawat dagdag na tao, magdagdag ng	$12,850

*Ang mga alituntunin sa kita ay batay sa higit sa 50% ng Area Median Income o 250% ng Federal Poverty Level. Kita bago pa ang buwis batay sa lahat ng kasalukuyang pinagmumulan ng kita. Ang kabuuang kita ng sambahayan ay hindi dapat lumampas sa mga alituntunin sa kita na nakabalangkas sa itaas para maging kwalipikado. Ang mga alituntunin sa kita ay pwedeng baguhin taun-taon.

Mga Alituntunin sa Pagiging Kwalipikado

Ang ACWD ay nangangailangan ng pag-verify ng kita ng sambahayan at mga nakatira. Ang kita ng sambahayan ay tinukoy bilang ang pinagsamang kabuuang kita ng LAHAT ng taong nakatira sa sambahayan, nabubuwisan man o hindi. Kasama sa kabuuang kita, ngunit hindi limitado sa kabuuang kita mula sa: sahod, suweldo, pensiyon, benepisyo sa kawalan ng trabaho, kompensasyon sa kapansanan at sa mga manggagawa, kabuuang kita mula sa self-employment (IRS Form 1040 Schedule C), suporta sa anak o asawa, presyo ng nalikom na benta (IRS Form 1040 Iskedyul D), interes o mga dividend mula sa mga savings account, stock, bond, retirement account, upa o kita ng royalty, pera na kinita o mga regalo, scholarship, grant, o iba pang tulong na ginagamit para sa mga gastusin sa pamumuhay, insurance o legal na pag-aayos, Social Security, SSI, SSP, food stamp, o TANF (AFDC).

Ang sinumang tumatanggap ng diskwento ng HOT at matuklasang lumalabag sa mga tuntunin ng programa ay aalisin sa programa at pwedeng managot sa pagbabayad ng credit mula sa oras na inilapat ang credit.

Para Mag-apply

Hakbang 1	Magsumite ng aplikasyon kasama ng iyong pinakabago, nilagdaang kopya ng Federal Tax Return. Pakisumite ang pahina ng Iskedyul 1040 ng iyong tax return at i-redact ang anumang nakikitang Social Security Numbers. Kung hindi available ang iyong Federal Tax Return, isama ang mga sumusunod na naaangkop na dokumento sa aplikasyon mo: Social Security Benefit Statement; O dalawang (2) magkasunod na kopya ng Social Security Checks O SSI Checks; O mga form na W-2; O Award Letter para sa CALWORKS, CAPI, General Relief, o Food Stamps; O dalawang (2) magkasunod na stub ng suweldo; O pahayag sa Unemployment Benefits; O mga katulad na dokumento. Ang mga bank statement ay hindi tatanggapin bilang patunay ng kita. Ang patunay ng pagpapatala ng aplikante sa Medi-Cal, CalFresh, CalWORKS, o SSI/SSP ay ituturing na kwalipikado para sa Help on Tap na Programa. Ang bawat miyembro ng sambahayan ay dapat magsumite ng kanilang dokumentasyon ng kita. Ang lahat ng miyembro ng sambahayan na walang kita ay dapat na nakalista bilang mga dependent sa Federal Tax Return ng isa pang miyembro ng sambahayan. Kung nagsusumite ng dokumentasyon maliban sa Federal Tax Return, dapat kang magsumite ng patunay ng occupancy para sa bawat miyembro ng sambahayan na nakalista sa aplikasyon. Kasama sa patunay ng occupancy ang ngunit hindi limitado sa mga recurring bill, bank statement, o iba pang uri ng sulat na kasama ang pangalan ng miyembro ng sambahayan at ang address ng serbisyo ng water bill. Magpadala ng mga kopya ng hiniling na dokumentasyon, dahil hindi na ibabalik ang iyong mga dokumento. **Mangyaring magiaan ng 2-3 linggo para maproseso ang aplikasyon mo. Ang mga hindi kumpletong aplikasyon ay hindi iproproseso. Pakitiyak na ang lahat ng mga patlang sa form ay napunan at ang lahat ng dokumentasyon ay nailakip upang mapabilis ang proseso ng pag-apruba.**
Hakbang 2	Kapag nasuri na ng ACWD ang aplikasyon mo at natukoy ang pagiging kwalipikado ng sambahayan na lumahok sa HOT na programa, isang liham ng kumpirmasyon ang ipapadala sa aplikante. **Maaaring tumagal ng hanggang sa isang buong 60-araw na cycle ng pagsingil upang simulan ang pagtanggap ng credit.**

Help on Tap – Programa ng Tulong sa Customer
Aplikasyon para sa Residential Single-Family

Pakikumpleto ang LAHAT ng impormasyon sa aplikasyon na ito. Ang aplikasyon mo ay hindi aaprubahan kapag hindi mo inilakip ang income verification tulad ng inilarawan sa hakbang 1.

Account Number ng ACWD Customer _____ **Pangalan mo** (Tulad ng ipinapakita sa singil ng tubig) _____

Iyong Home Address _____

Telepono sa Bahay (_____) _____ **Iba pang Telepono** (_____) _____

Email _____

Kabuuang Bilang ng Mga Taong Naninirahan sa Sambahayan Ko: _____

Listahan ng Pangalan ng Miyembro ng Sambahayan (kabilang ang sarili)	Relasyon sa Aplikante	Ilista ang Kabuuang Kita (Parehong nabubuwisan at hindi) mula sa Lahat ng Mga Pinagkukunan para sa Bawat Miyembro
Ang Kabuuang Perang Natatanggap sa Bawat Taon ng Aking Sambahayan ay (Hindi Tinatanggap ang Zero):		$

TANDAAN: Kung kailangan mo ang dagdag na mga linya, paki-attach ang hiwalay na sheet. Para sa sinumang dependent o iba pang indibidwal sa iyong sambahayan na walang kita (hal., mga bata, matatanda, walang trabaho), pakisulat ang buong pangalan ng tao sa kalakip na sheet at ihayag na walang trabaho at magbigay ng patunay ng occupancy.

Kung hindi ka nagsumite ng kopya ng pinakahuli mong Federal Tax Return, Ipahayag ang dahilan:

_____

PAGPAPAHAYAG: Sa paglagda sa ibaba, pinapatunayan ko na natutugunan ko ang lahat ng pamantayan na nakalista sa ilalim ng Mga Panuntunan ng Programa at ang mga impormasyon na ibinigay ko sa aplikasyon na ito ay totoo at wasto. Sumasang-ayon akong ipaalam sa ACWD kaagad ang anumang pagbabago sa sambahayan ko na makakaapekto sa kwalipikasyon ko para sa credit. Sumasang-ayon din ako ako na ibigay ang patunay ng kita ng bawat isa sa mga naninirahan sa sambahayan at patunay ng occupancy para sa lahat ng mga ito. Kung nabigo man akong ibigay ang hinihiling na impormasyon, o natanggap ang credit noong hindi pa kwalipikado ang sambahayan ko, maaari akong hilingin na bayaran muli ang natanggap na credit. Nauunawaan ko na ang sumusunod na enrollment, ang aking account ay maaaring piliin para sa random na pagsusuri at sumang-ayon na ibigay ang anumang impormasyon na hiniling.

X _____ _____/_____/_____

Lagda ng Customer ☐ **tingnan kung katiwala o power of attorney** **Petsa**

I-mail ang nakumpletong aplikasyon sa: **Alameda County Water District**
Customer Services, Attention: HOT Program
43885 S. Grimmer Blvd., Fremont, CA 94538

Ang ACWD ay tutugon sa mga aplikante gamit ang isang liham na naglalahad ng katayuan ng aplikasyon. Para sa dagdag na impormasyon, tumawag sa (510) 668-4200.

www.acwd.org

Binago 7/25/2023